
	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	<b>Circular No.</b>	<b>2020-0023</b>
	<b>Title</b>	<b>Implementation of the PhilHealth Member Portal</b>

Tanong	Sagot
<b>Ano ang PhilHealth Member Portal?</b>	Ang PhilHealth Member Portal ay ang updated version ng Member Inquiry. Ito ay isang online software tool na maaaring magamit ng lahat ng miyembro upang ma-access ang kanilang membership at contribution records, at makapag download at mag-print ng kanilang Member Data Record (MDR) kahit nasaan sila basta may internet connection.
<b>Ano naman ang mga serbisyo na maaaring makamit ng Self paying members tulad ng self-earning individuals at professional practitioners mula sa PhilHealth Member Portal?</b>	Maaari rin makapag-generate at makapag-print ng Statement of Premium Account (SPA) ang mga self-paying members simula Nobyembre 2019 hanggang sa buwang kasalukuyan; ma-view ang kanilang SPA history; magbayad ng kontribusyon gamit ang debit cards, credit cards at prepaid cards; at matiyak ang awtomatikong posting ng binayaranang kontribusyon sa kanilang individual account.  <i>*Paalala: hindi muna maaaring magamit ng mga migrant workers sa ngayon ang Payment Management Module ng PhilHealth Member Portal habang isinasayos ang mga polisiya para sa kanila. Maglalabas na lamang ng panibagong anunsyo, kung kalian nila ito maaaring magamit.</i>
<b>Sinu-sino ang sakop ng Circular na ito?</b>	Lahat ng Filipino at foreign nationals na rehistrado sa PhilHealth.
<b>Ano ang kahalagahan ng Circular na ito?</b>	Itinatakda ng Circular na ito ang mga serbisyong nakapaloob sa PhilHealth Member Portal at mga panuntunan sa paggamit nito.
<b>Saan-saang lugar magagamit ang PhilHealth Member Portal?</b>	Ang serbisyong ito ay magagamit saan mang lugar, sa loob at labas ng bansa, na mayroong internet connection.
<b>Kailan magiging epektibo ang Circular na ito?</b>	Ito ay magiging epektibo labinglimang araw (15) matapos itong mailathala sa pangunahing pahayagan.



	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	<b>Circular No.</b>	<b>2020-0023</b>
	<b>Title</b>	<b>Implementation of the PhilHealth Member Portal</b>

Tanong	Sagot
<b>Paano magagamit ang PhilHealth Member Portal?</b>	Maaaring ma-access ang PhilHealth Member Portal gamit ang smartphone, laptop, tablet, or computer na may internet connection.
<b>Anu-ano ang standard modules ng PhilHealth Member Portal?</b>	Ang mga standard modules sa kasalukuyan ay ang Member Information, Premium Contribution, Payment Management, at User Profile.
<b>Paano maa-access ng miyembro ang kanilang membership at contribution records?</b>	Kinakailangang mag-create o gumawa ng user account ang isang miyembro gamit ang kanyang PhilHealth Identification Number (PIN).  Kapag natanggap na ng miyembro sa ibinigay niyang email ang account activation, maaari na niyang ma-access ang kanyang record.
<b>Paano kung makita ng miyembro na may mali sa kanyang membership at contribution record?</b>	Habang wala pa ang Registration at Amendment Modules sa PhilHealth Member Portal, maaring magpa-amend ng record ang miyembro sa pinakamalapit na Local Health Insurance Office (LHIO) or mag-email sa mga LHIO o PRO na nakakasakop sa kanya sa pamamagitan ng pagsusumite ng maayos na pinunan na PhilHealth Member Registration Form (PMRF) kasama ang kinakailangang supporting documents.
<b>Paano magbayad ang isang self-paying direct contributor gamit ang PhilHealth Member Portal?</b>	✓ Kinakailangan munang mag-generate ng Statement of Premium Account (SPA) ang miyembro bago makapagbayad.  Upang makapag-generate ng Statement of Premium Account (SPA), pumunta sa Payment Management Module ng PhilHealth Member Portal at i-click ang Generate SPA Sub-Module, i-view, i-download, at magbayad online.  Kinakailangan na may monthly income ang membership record ng isang miyembro na magiging basehan sa halaga ng kontribusyon na dapat niyang bayaran. Obligasyon ng mga self-paying direct contributors na regular na ipa-update ang






## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

<b>Circular No.</b>	<b>2020-0023</b>
<b>Title</b>	<b>Implementation of the PhilHealth Member Portal</b>

Tanong	Sagot
	<p>kanilang monthly income.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>✓ Ang lahat ng SPA na na-generate ay maaaring makita sa View SPA History Sub-Module. Hindi maaaring makapag-generate ng SPA kung mayroong active SPA na hindi pa nabayaran. Kinakailangang bayaran muna o ikansel ang active SPA bago makapag-generate ng bagong SPA. Sa bagong SPA, awtomatikong kasama ang lahat ng buwan na hindi nabayaran at kaukulang interes.</li> <li>✓ Matapos makapag generate ng bagong SPA, maaaring mamili ng payment partner sa mga nakadisplay na icon at paraan ng pagbabayad gaya ng debit cards, credit cards, at prepaid cards.</li> </ul>
<b>Anong period ang maaaring bayaran?</b>	<p>Maaaring makapag-generate ng SPA ang isang self-paying direct contributor simula Nobyembre 2019, kung kailan naging epektibo ang UHC Act, hanggang sa kasalukuyang buwan. Maaari din magbayad ng advance hanggang 36 na buwan o tatlong taon.</p> <p>Hindi maaring makapamilya ang miyembro ng buwan o period na kanyang babayaran. Awtomatikong magsisimula ang generation ng SPA sa buwan kasunod ng huling buwan na may bayad. Ito ay dahil sa mandatory ang pagbabayad ng kontribusyon sa ilalim ng UHC Act. Pinapahintulutan ang retroactive payment o pagbabayad sa mga nakalipas na buwan na walang bayad, kasama ang kaukulang interest na 1.5%, compounded monthly.</p> <p>Kung bagong rehistrado pa lamang sa PhilHealth, magsisimula ang generation ng SPA sa buwan kung kelan nagparehistro ang miyembro sa PhilHealth.</p>
<b>Magkano ang transaction fee kung magbabayad online?</b>	<p>Maaaring maningil ng convenience fee or bank fee ang payment partners, depende sa kanilang itinakdang halaga. Ipaalam ito sa miyembro sa pamamagitan ng system bago iproseso ang kanyang ibabayad na kontribusyon.</p>



	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	<b>Circular No.</b>	2020-0023
	<b>Title</b>	<b>Implementation of the PhilHealth Member Portal</b>

Tanong	Sagot
<b>Paano malalaman na successful ang payment transaction?</b>	<p>Kung successful ang payment transaction, makatatanggap ang miyembro ng Electronic PhilHealth Acknowledgement Receipt (ePAR), na maaaring i-download o i-print sa PhilHealth Member Portal.</p> <p>Magpapadala din ng sariling electronic receipt ang payment partner na kung saan makikita ang halaga ng kontribusyon at convenience fee o bank fee na binayaran.</p>
<b>Kung magkaroon ng problema sa pag-access at paggamit ng PhilHealth Member Portal, ano ang maaring gawin ng miyembro?</b>	<p>Maaaring tumawag sa PhilHealth 24/7 Corporate Action Center Hotline (02) 8441-7442 o magtanong sa PhilHealth Facebook (facebook.com/PhilHealth, Twitter (@teamphilhealth) at website (<a href="http://www.philhealth.gov.ph">www.philhealth.gov.ph</a>)). Maaari din magpadala ng mga katanungan sa email address: <a href="mailto:actioncenter@philhealth.gov.ph">actioncenter@philhealth.gov.ph</a> o magsadya sa pinakamalapit na Local Health Insurance Office.</p>

